Mensahe Anim

# Nalalaman at Pinapakalat ang Napapanahong Katotohanan ng Mataas na Ebanghelyo ng Walang Hanggang Ekonomiya Ayon sa Ministeryo ng Kapanahunan

Babasahin sa Kasulatan: 2 Ped. 1:12; 1 Tim. 1:3-4; Mat. 16:18; 2 Sam. 7:12-14a; Rom. 1:3-4; Apoc. 21:2, 9-10

**I. Ang partikular na pagbabawi at gawain na ginagawa ng Diyos sa isang kapanahunan ay ang ministeryo ng kapanahunang iyon; ang ministeryo ng kapanahunan ay nagmiministeryo ng kasalukuyang katotohanan sa bayan ng Diyos; sa 2 Pedro 1:12 *ang kasalukuyang katotohanan* ay maaari ding isalin na "ang napapanahong katotohanan":**

A. Bagamat ang lahat ng mga katotohanan ay nsas Bibliya, dahil sa kahangalan, pagiging di-tapat, kapabayaan, at di-pagtalima ng tao na maraming katotohanan ang nawala at naitago mula sa tao—cf. 2 Hari 22:8.

B. Ang sariwang naihayag na mga katotohanan ay hindi mga bagong imbensyon ng Diyos; sa halip, ang mga iyon ay mga bagong pagtuklas ng tao; bawa't manggagawa ng Panginoon ay dapat magtanong sa harap ng Diyos kung ano ang kasalukuyang katotohanan.

C. Ang mga katotohanan ng Diyos ay naiipon; ang mga huling katotohanan ay hindi nagwawalang saysay sa mga nauna; ang nakikita natin ngayon ay mga naipong pahayag ng Diyos.

D. Nawa ay maging mapagbiyaya ang Diyos sa atin upang hindi tayo maging mga napag-iwanan "ng kasalukuyang katotohanan"; nawa tayo ay maging mapagbantay at huwang hayaan ang laman na pumasok o ang sarili upang makatamo ng anumang puwang.

**II. Ang kasalukuyang katotohanan, ang pinakamataas na rurok ng dibinong pahayag na ibinigay sa atin ng Diyos sa pamamagitan ng ministeryo ng kapanahunang ito, ay ang pahayag ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos; ang ebanghelyo ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos ay "ang pangako na ginawa sa mga magulang" (Gawa 13:32)—ang pangako na ang binhi ni David ay darating ay magiging ang Anak ng Diyos, yaon ay, na ang isang pantaong binhi ay magiging isang dibinong Anak (bb. 22-23, 33-34; 26:6, 16-19; 2 Sam. 7:12-14a; Rom. 1:3-4; Mat. 22:41-45):**

A. Huwag nating ipahayag ang ebanghelyo na pinababa sa iniisip natin na antas ng pagkaunawa ng mga tao; dapat nating ipahayag ang isang napataas na ebanghelyo at huwag kailanman ibababa ang konsepto (1 Tes. 1:1, 3-4, 10; 5:23; 1 Cor. 2:7-13); dapat tayong maniwala na sa loob ng tao ay mayroong nilikha ng Diyos na abilidad upang tanggapin at unawain ang mga bagay ng Diyos (Job 32:8; Zac. 12:1; Eccl. 3:11; Gawa 17:26-29; Isa. 43:7).

B. Dapat nating itanghal ang katotohanan ayon sa walang hanggang ekonomiya ng Diyos aytem kada aytem ayon sa buong Bibliya; ito ang espesyal na komisyon ng Panginoon sa atin—1 Cor. 1:9; 9:16-17, 23; 1 Tim. 1:3-4; 2:7; 4:16; 2 Tim. 1:11; 2:2, 15; Col. 1:28.

**III. *Ang binhi ni David na nagiging ang Anak ng Diyos* ay nagsasabi ng proseso ng pagiging naitalaga ni Kristo bilang ang panganay na Anak ng Diyos sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli—Rom. 1:3-4:**

A. Sinabi ni Pablo na siya ay inihiwalay tungo sa ebanghelyo ng Diyos hinggil sa Anak ng Diyos, na nagpapahiwatig na ang ebanghelyo ng Diyos ay isang ebaghelyo ng pagkaanak para sa realidad ng Katawan ni Kristo—bb. 1, 3-4; 8:28-30; 12:5.

B. Ang Roma 1:3-4 ay ang katuparan ng propesiya sa tipolohiya sa 2 Samuel 7:12-14a, nagbubunyag ng hiwaga ng Diyos na naging tao upang gawing Diyos ang tao sa buhay at sa kalikasan ngunit hindi sa Pagkadiyos.

C. Sa pamamagitan ng pagkakatawang tao si Kristo, ang bugtong na Anak ng Diyos sa Kanyang pagkadibino (Juan 1:18), ay nagbihis ng laman, ang pantaong kalikasan, na walang kinalaman sa pagkadibino; sa Kanyang pagkatao Siya ay hindi ang Anak ng Diyos.

D. Sa pagkabuhay na muli ang Kanyang pagkatao ay giwang Diyos, ginawang anak, nangangahulugan na Siya ay itinakda bilang ang anak ng Diyos sa Kanyang pagkatao, naging ang panganay na Anak ng Diyos at nagtataglay kapwa ng pagkadibino at pagkatao—Rom. 8:29.

E. Kaya, kay Kristo ang Diyos ay naibuo tungo sa loob ng tao, ang tao ay naibuo tungo sa loob ng Diyos, at ang Diyos at ang tao ay pinaghalong magkasama upang maging isang entidad, ang Diyos-tao.

F. Ang ebanghelyo ng Diyos at ang Kanyang intensyon sa Kanyang ekonomiya ay ang itayo ang Diyos sa loob ng tao at ang tao sa loob ng Diyos; ang pagtatayong ito ay ang Diyos na naging isang tao (ang binhi ni David) upang ang tao ay maging Diyos (ang itinalagang Anak ng Diyos)—Juan 14:23; 15:4-5; Rom. 1:3-4.

G. Ang ebanghelyong ito ay sinalita ng Panginoong Hesus nang Kanyang sinabi, "Katotohanan, katotohanan, sinasabi Ko sa iyo, Maliban na ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa at mamatay, ito ay mananatiling mag-isa; subalit kung ito ay mamatay, ito ay magbubunga ng marami"—Juan 12:24:

   1. Kung ang isnag binhi ay mamatay sa pamamagitan ng paglilibing sa lupa, kaluanan ito ay sisibol, lalago, at mamumukadkad sa pagkabuhay na muli, sapagkat ang paggawa ng buhay ng binhi ay pinagana kasabay ng kamatayn nito—1 Cor. 15:36; 1 Ped. 3:18.
   2. Ang pagkadibino, ang Espiritu ng kabanalan, kay Kristo ay gumagawa sa Kanyang kamatayan, at sa pagkabuhay na muli Siya ay "namukadkad" upang maging ang panganay na Anak ng Diyos at ang Espiritung namamahagi ng buhay, inilalalin ang Kanyang dibinong buhay sa loob natin upang gawin tayong Kanyang maraming kapatid—Rom. 8:29; 1 Cor. 15:45b.
   3. Ang tularan ay ang panganay na Anak ng Diyos, at ang pagpaparami ay ang maraming anak ng Diyos, ang mga sangkap ng tularan upang maging Kanyang Katawan, na mapapasukdol sa Bagong Herusalem—Col. 1:18; 1 Ped. 1:3.

**IV. *Ang binhi ni David na nagiging ang Anak ng Diyos* ay nagsasabi ng ating proseso ng pagiging maraming anak ng Diyos sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli—Heb. 2:10-11:**

A. Si Kristo ay naitalaga na bilang ang Anak ng Diyos, subalit tayo ay nasa proseso pa rin ng pagtatalaga, ang proseso ng pagiging anak, ginagawang Diyos—Rom. 8:28-29.

B. Ang buhay ng Anak ng Diyos ay naitanim na sa ating espiritu—b. 10:

   1. Ngayon tayo, gaya ng binhi na inihasil sa lupa, ay dapat dumaan ssa proseso ng kamatayan ng kamatayan at pagkabuhay na muli—Juan 12:24-26.
   2. Ito ang nagsasanhi sa panlabas na tao na maubos, subalit ito ang nagsasanhi upang ang panloob na buhay upang lumago, umunlad, at sa katapusan, mamukadkad mula sa loob natin; ito ang pagkabuhay na muli—1 Cor. 15:31, 36; 2 Cor. 4:10-12, 16-18.

C. Sa pagkabuhay na muli si Kristo sa Kanyang pagkatao ay itinalaga bilang ang Anak ng Diyos, at sa pamamagitan ng gayong pagkabuhay na muli tayo rin ay nasa proseso ng pagiging naitalagang mga anak ng Diyos—Rom. 8:11:

   1. Ang proseso na ating pagiging naitalaga, ginagawang anak, giangawang Diyos, ay ang proseso ng pagkabuhay na muli na may apat na pangunahing aspeto—pagpapabanal, pagtatransporma, pagwawangis, at pagluluwalhati—6:22; 12:2; 8:29-30.
   2. Ang susi ng proseso ng pagtatalaga ay ang pagkabuhay na muli, na siyang ang nananahanan sa loob na Kristo bilang ang umaangat na Espiritu, ang nagtatalagang Espiritu, ang kapangyarihan ng buhay sa ating espiritu—Juan 11:25; Rom. 8:10-11; Gawa 2:24; 1 Cor. 15:26; 5:4:

a. Mahigpit nating kailangang matutuhan kung paanong lumakad ayon sa espiritu, upang matamasa at maranasan ang nagtatalagang Espiritu—Rom. 8:4, 14.

b. Lalo nating nahihipo ang Espiritu, lalo tayong napapabanal, natatransporma, napapawangis, at naluluwalhati upang maging Diyos sa buhay at sa kalikasan subalit hindi sa Pagkadiyos para sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo upang mapasukdol ang Bagong Herusalem—1 Cor. 12:3; Rom. 10:12-13; 8:15-16; Gal. 4:6.

D. Lalo tayong lumalago sa buhay at dumadaan sa metabolikong proseso ng transpormasyon, lalo tayong naitatalaga bilang mga anak ng Diyos—2 Cor. 3:18, 6, 16; 5:4, 9, 14-15; 1:12; 12:7-9:

1. Ang metabolikong prosesong ito ay ang pagtatayo ng ekklesia bilang ang Katawan ni Kristo at ang bahay ng Diyos sa pamamagitan ng pagtatayo ng Diyos sa loob ng tao at ng tao sa loob ng Diyos—Rom. 12:2; Efe. 1:22-23; 2:20-22.
2. Ang pagkatao ay naitalaga sa pagkadibino, at ang pagkadibino at pagkatao ay naihalo bilang isa; ngayon tayo, ang mga binhi ng pagkatao, ay nagiging mga anak ng Diyos sa pagkadibino sa pamamagitan ng proseso ng pagtatayo ng Diyos—Mat. 16:18; Efe. 3:16-19; Apoc. 21:2, 9-10.
3. Ang ekonomiya ng Diyos at gol ayon sa kanaisan ng Kanyang puso ay ang itayo ang Kanyang sarili sa loob ng tao ang itayo ang tao sa loob Niya; ang pagtatayong ito ay mapapasukdol sa Bagong Herusalem bilang isang dakila, sama-samang Diyos-tao, ang totalidad ng lahat ng mga ank ng Diyos—b. 7.
4. Isang araw ng prosesong ito ay makukumpleto, at sa walang hanggan tayo ay magiging katulad ni Kristo, ang panganay na Anak ng Diyos, sa ating espiritu, kaluluwa, at katawan—1 Juan 3:2; Rom. 8:19, 23; *Himno,* #948, saknong 2.

E. Sa panig ng Diyos, ang Tres-unong Diyos ay nagkatawang tao upang maging isang tao; sa ating panig, tayo ay ginagawang Diyos, binubuuan ng naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos upang tayo ay maging Diyos sa buhay at sa kalikasan subalit hindi sa Pagkadiyos upang maging Kanyang sama-samang kahayagan sa walang hanggan; ito ang pinakamataas na katotohanan, at ito ang pinakamataas na ebanghelyo.

**V. Kailangan nating mabuuan at ipakalat ang pinakamataas na katotohanan ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos sa pamamagitan ng paggamit ng mga Pag-aaral Pambuhay at ng Salin sa Pagbabawi kalakip ang mga talababa; ang mga ito ay para sa pamamahagi ng buhay, para sa pagpapalaya ng katotohanan, at para sa pagbubukas ng mga aklat ng Bibliya—Job 10:13; cf. Efe. 3:9:**

A. Ang pagbabawi ng Panginoon ay ang pagbabawi ng liwanag ng katotohanan; ang pinakamahigpit na pangangailangan sa lupa ngayon ay ang katotohanan ng kapanahunang ito:

1. Ang mga Pag-aaral Pambuhya kalakip ang Salin sa Pangbabawi at lahat ng mga talababa ay ang pinakanananaig na susi upang buksan ang Bibliya sa atin; ang mga ito ay hindi upang halinhan ang Bibliya kundi upang dalhin ang mga tao sa Bibliya—Gawa 8:26-39.
2. Dapat nating isaalang-alang ang teksto ng Salin sa Pagbabawi kalakip ang mga talababa at ang mga Pag-aaral Pambuhay bilang aklat-aralin para sa mapanalangining pag-aaral; kung babasahin natin ang mga ito sa isang magaan na paraan, makakatanggap tayo ng ilang pansamantalang pagpapakain at inspirasyon; gayunpaman, kapag ang ating nabasa ay naging katotohanan sa ating naliwanagang alaala, ito ay nagiging isang palagian at walang hanggang pagkain sa atin—Aw. 119:130.
3. Ang intensyon at gol ng mga Pag-aaral Pambuhay na mensahe ay ang “buksan ang minahan” ng katotohanan ng Bibliya upang ating hukayin ang mga kayamanan; “Nakapaglathala na ako ng maraming bagay na kailangang paggugulan ninyo ng mga taon upang makapasok”—*The Collected Works of Witness Lee, 1984,* vol. 2, “Elders’ Training, Book 3: The Way to Carry Out the Vision,” p. 316.

B. Ngayon dapat tayong magpasan ng responsabilidad para sa pagpapakalat ng mga naisalin, naipaliwanag, at naunawaang dibinong katotohanan para sa pagbabawi ng Panginoon:
   1. Ang wastong pagkaunawa sa Bibliya ay nakolekta sa ating mga sulatin upang ating pag-aralan, matutuhan, at maipakalat ang mga dibinong katotoahanan; ang Salin sa Pagbabawi at ang mga kaakibat na talababa ay ang "pagpapakristal" ng pagkaunawa sa dibinong pahayag na narating ng mga banal sa lahat ng dako sa nakalipas na dalawang libong taon.
   2. Binigyan tayo ng Panginoon ng mga mahalagang katotohanan upang ating ipakalat ang mga ito hindi lamang sa mga Kristiyano kundi maging sa mga di-mananampalataya; ang kailangan ng Panginoon ngayon ay para sa libu-libo sa Kanyang mga ginigiliw na banal na umiibig sa Kanya, na namumuhay sa Kanya, at walang ibang nalalaman kundi ang Kanyang pagbabawi upang kunin ang daan ng pagpapakalat ng parehong katotohanan upang gawin silang mga tapat at matalinong alipin upang maghain ng pagkain sa bayan ng Panginoon sa tamang panahon; pagkatapos ay matutupad natin ang kumisyon ng pagbabawi ng Panginoon—2 Cor. 5:14-15; Mat. 24:45.
   3. Ang pagdami ng ekklesia ay nakasalalay sa pagpapakalat ng katotohanan; tanging ang katotohanan ang makakasupil at makakatamo sa mga tao; mula ngayon dapat tayong gumugol ng panahon upang matutuhan ang katotohanan ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos at maghain ng Kristo sa iba para sa pagpaparami at pagpapakalat ng ekklesia—Gawa 6:7; 12:24; 19:20.

*© 2021 Living Stream Ministry*